



# TANGGAPAN NG SHERIFF NG SAN DIEGO COUNTY BULLETIN SA KALUSUGAN NG PUBLIKO

OKTUBRE 2024



## Maling Paglalagay ng Label ng THC Content mula sa Mga Produktong Over-the-Counter

### Mga Nakatagong Panganib ng Mga Produktong mula sa Hemp

Maraming produktong nagsasabing “mula sa hemp” ang ibinebenta na maaaring naglalaman ng mga mapanganib na antas ng tetrahydrocannabinol (THC), ang pangunahing aktibong sangkap sa cannabis na maaaring magdulot ng “pagka-high,” kasama ang maraming produktong nagsasabing walang THC. Ang mga produktong tulad ng mga gummy, kendi, inumin, at chip ay madaling mapagkakamalan ng mga bata na regular na meryenda.

**Nakakalinlang na Balot:** Ang mga produktong nagsasabing (mula sa Hemp) ay maaaring magmukhang mga pang-araw-araw na kendi o meryenda.

**Maling Pag-eendorso:** Ang ilang produkto ang nagsasabing wala pang 0.3% ang THC, pero sa katotohanan ay naglalaman ang mga ito ng higit na mas matataas na antas.

**Mga Walang Regulasyong Merkado:** Ang mga produktong binebenta sa mga convenience store o online ay hindi kinakailangang sumailalim sa tradisyonal na mga pagsusuri para sa proteksyon ng mamimili o pagsusuri para sa kaligtasan.

“Ang mga nakakalinlang na label ay maaaring magresulta sa paggamit ng mga tao ng mga hindi gaanong napapangasiwaan at mahal na produktong CBD sa halip na mga produktong inaprubahan ng FDA na itinatag na ligtas at mabisa para sa partikular na kondisyon sa kalusugan,” sabi ni Tory Spindle, Ph.D. mula sa John Hopkins University School of Medicine.

### Mga Epekto sa Kalusugan ng Mga Produktong THC

Ang pagkonsumo ng matataas na antas ng THC ay maaaring magdulot ng malulubhang epekto sa kalusugan, lalo na sa mga bata at teenager.

Kasama sa mga potensyal na epekto ang pagkalito, pagkahilo, paranoia, mga halusinasyon, pagduduwal, at pati mga pagpapatingin sa ospital sa matitinding sitwasyon.

Ang pagkonsumo ng mga menor-de-edad ng THC ay maaaring magdulot ng mga pangmatagalang epekto sa pag-unlad ng utak.

Para makagawa ng mga salaysay ng paggamot o medikal na paggamit, dapat makakuha ang mga produkto ng pag-apruba mula sa FDA.


### Tungkol sa CBD/THC Pinagmulan: David G. Evans, JD, Missouri Medicine

Ang Cannabidiol (CBD) ay langis na nagmula sa halamang cannabis. Ang pangunahing pagkakaiba ng CBD at THC ay maaaring magdulot ang THC ng psychoactive “high,” samantalang hindi ito magagawa ng CBD.

Kinokonsumo ito ng mga tao sa ilalim ng maling pagkakaunawang ligtas ito, gayunpaman, maaaring makaabala ang CBD sa iba pang gamot o maaari itong makontamina ng iba pang psychoactive cannabinoid.



Cannabinoids						
ND		7.778%		94.288%		
Total THC		Total CBD		Total Cannabinoids		
Analyte	LOD	LOQ	Results	Results	Results	mg/ml
CBD	0.15	0.227	ND	ND	ND	ND
CBDV	0.15	0.227	ND	ND	ND	ND
CBG	0.15	0.227	ND	ND	ND	ND
CBGV	0.15	0.227	ND	ND	ND	ND
CBGa	0.15	0.227	ND	ND	ND	ND
CBGVa	0.15	0.227	ND	ND	ND	ND
THC	0.15	0.227	ND	ND	ND	ND
THC-A	0.15	0.227	ND	ND	ND	ND
THC-P	0.15	0.227	ND	ND	ND	ND
THC-P	0.15	0.227	ND	ND	ND	ND
THC-P	0.15	0.227	ND	ND	ND	ND
THC-P	0.15	0.227	ND	ND	ND	ND
THC-P	0.15	0.227	ND	ND	ND	ND
THC-P	0.15	0.227	ND	ND	ND	ND
THC-P	0.15	0.227	ND	ND	ND	ND
THC-P	0.15	0.227	ND	ND	ND	ND
THC-P	0.15	0.227	ND	ND	ND	ND
THC-P	0.15	0.227	ND	ND	ND	ND



**NAKATUKOY NG THC SA PRODUKTO MULA SA PAYSUSURI SA LABORATORYONG PANGKRIMEN NG SHERIFF**

**Delta 8-tetrahydrocannabinol+ Delta 8-tetrahydrocannabinol acetate + Hexahydrocannabinol + Delta 9 THC-P**

Tinutukoy ang hemp bilang cannabis at mga derivative nito na may napakababang (wala pang 0.3% batay sa dry weight) konsentrasyon ng THC. Inaalis ng mga pagbabagong ito ang hemp mula sa pederal na Batas sa Mga Kontroladong Kemikal, na nangangahulugang hindi na ito magiging labag sa batas na kemikal sa ilalim ng pederal na batas.

